# HUWAG LIMITAHAN ANG DIYOS

A Lord's Flock Praise and Worship Topic

Ni: Sis Techie Rodriguez

Pebrero 15, 2025

Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hanggan, at magagawa Niya ang lahat ayon sa Kanyang kalooban. Ngunit ang ating saloobin at kilos ay maaaring makalimita sa kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay.



**PAANO NATIN NALILIMITAHAN ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS?**

**1. KAWALAN NG PANANAMPALATAYA**

Pagkadating sa Nazareth, pumasok si Hesus sa Sinagoga para magturo. Nagturo Siya nang may awtoridad at karunungan na ang lahat ng mga lokal at Pariseo ay namangha; ngunit ang kanilang pagkagulat ay naging daan ng kanilang walang pananalig (Marcos 6).

**DAHILAN NG WALANG PANANAMPALATAYA:**

**1.1. Limitadong pananaw sa Diyos.** Kilala lamang ng mga Pariseo at ibang mga lokal si Hesus bilang isang karpintero. Ang kaalaman nila tungkol kay Hesus ay limitado nang kung ano lamang ang nakikita nila, kung ano lang alam nila, at kung ano lang ang pagkaunawa nila kay Hesus.

1.2. **Baluktot na pagtingin kay Hesus.** Kahit namangha sila sa karunungan at himala ni Hesus, naniwala na isa lamang Siya sa kanila - ordinaryong tao na pinalaki ng ordinaryong tao (Maria at Jose).

1.3 **Hindi sila nakakikita at ayaw nilang makakita.**

1.4. **Mayroon silang limitadong puso at limitadong pananaw.** Ang kanilang pag-iisip ay hindi pag-iisip ng Diyos. Hindi nila kilalang mabuti ang Diyos.

Ngayon, ang kawalan ng kaalaman sa Salita ng Diyos ay isang dahilan kung bakit marami ang hindi naniniwala at hindi tumatanggap kay Hesus bilang Panginoon. Para maniwala sila na may Diyos, dapat may kaalaman sila sino ang Diyos at magkaroon sila ng personal at malalim na relasyon sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin, pagbabasa, pag-aaral ng Bibliya at pagsunod sa Kanyang Salita. *"Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig at pakikinig mula sa Salita ng Diyos" (*Roma 10:17).

**2. PINAPAYAGAN NATING KONTROLIN TAYO NI SATANAS.**

Ang pangunahing kaaway natin ay si Satanas. Dapat kilala natin siya para hindi niya tayo makontrol. Itinuturo niya na huwag tayong maniwala sa kapangyarihan ng Diyos. Iniimpluwensyahan niya tayong sumunod sa mundo at sa tawag ng laman.

2.1 "Si Satanas ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masasakmal" (1Pd. 5:8). Labanan natin siya at magpakatatag sa ating pananalig (1Pd. 5:9). Manatili tayong listo at palagi tayong magbantay.

2.2 Gusto ni Satanas na sirain tayo upang mawalan tayo ng pag-asa. Gaya ng pagsubok niyang sirain si Job, gagawin niya ang kanyang kapangyarihan upang magduda at madismaya tayo.

2.3 Patitigasin ni Satanas ang ating konsensya (Ananias sa Gawa 5:3; Hudas sa Lucas 22:3).

2.4 Alam niya kung sumusunod tayo sa kanya.

2.5 Alam ni Satanas kung alam at sinusunod natin ang Salita ng Diyos.

2.6. Si Satanas ay isang pekeng tao (2 Cor.11:14).

2.7 Hindi nababasa ni Satanas ang ating isip ngunit nakapaglalagay siya ng negatibong kaisipan sa ating isipan. Ang Diyos lamang ang naka-aalam ng ating mga iniisip (Mateo 9:4).

2.8 Si Satanas ay talunan. Wala siyang kapangyarihan laban sa Diyos. Kaya nating mapagtagumpayan ang mga gawain ni Satanas.

**KONKLUSYON**:

Ang kapangyarihan ng Diyos ay dinisenyo upang ibahagi. Huwag nating limitahan at ikulong ang kanyang kapangyarihan sa kawalang-paniniwala at kasalanan. Hanapin natin Siya, kilalanin, maniwala at sundin Siya upang mapakawalan ang hindi masukat na biyaya at himalang ginagawa Niya.

**PAGNINILAY**:

1.Ano ang nagiging dahilan para magduda ka sa Diyos?

2. Ano ang dapat mong gawin upang higit mo pang makilala si Hesus?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Kawalan ng paniniwala#Kasalanan